# DAGYAW 2024

# STAKEHOLDER FEEDBACK REPORT

**Region: 1 (Ilocos Region)**

| | |
|---|---|
| **Dagyaw Topic:** | Dagyaw 2024 Open Government Townhall Meeting: *"Proteksyon at Serbisyo ng Gobyerno: Kalinga at Alalay Para sa Bawat Pilipino"* |
| **Date & Time:** | July 31, 2024 |
| **Venue:** | La Union Convention Center, City of San Fernando, La Union |
| **Total No. of Participants** | **In-person:** 665<br>**Online:** 4390 |

| Question | Response | Action Taken |
|---|---|---|
| 1. **Carmelita Sobrepeno**<br>Vice President of the Senior Citizen Federation, Caba Chapter<br><br>**Comment/ Question**:<br>Sa tingin ko po, wala naman hong problema sa mga ipinapatupad nating mga batas o mga guidance or procedures tungkol ho sa programa ng social welfare na yan. Ang nagiging problema po ay kung nahahaluan po ng politika. Dahil ho, hindi ho maayos ang nabibiyayaan ng anuman ayuda or whatever assistance na maiibigay sa mga beneficiaries ng mga programa ng DSWD. Dapat po sana, pantay-pantay ang pagtrato at pagbibigay ng serbisyo, para lahat ng nangangailangan ay makakatanggap ng tulong, anuman ang kanilang kinabibilangan o pinaniniwalaan | **ANNIELY J. FERRER**<br>Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>"Mahirap sagutin yun, ma'am. Ano po bang ibig sabihin ng napo-politika? Pero siyempre, iba-iba ho ang sitwasyon ng mga barangays at munisipyo. Alam naman po natin yan. Siyempre, may prioritization po yung mga programs and services. At may mga sariling selection criteria. Unang-una, sa 4 Ps ay wala hong pwedeng maipasok ang kahit sino na wala doon sa resulta ng Listahanan. So ito ho ay sistematiko at talagang may ginamit na information management system sa pagsi-select.<br><br>Ngayon, doon naman siguro sa social pension program, dahil nasabi ko nga, ina-acknowledge namin na marami pa pong nasa | Coordination initiated with DSWD to clarify selection and prioritization mechanisms, ensuring transparency and fairness in program delivery. Request for additional monitoring of implementation forwarded to the concerned office. |

# DAGYAW 2024

# STAKEHOLDER FEEDBACK REPORT

**Region: 1 (Ilocos Region)**

| | |
|---|---|
| **Dagyaw Topic:** | Dagyaw 2024 Open Government Townhall Meeting: *"Proteksyon at Serbisyo ng Gobyerno: Kalinga at Alalay Para sa Bawat Pilipino"* |
| **Date & Time:** | July 31, 2024 |
| **Venue:** | La Union Convention Center, City of San Fernando, La Union |
| **Total No. of Participants** | **In-person:** 665<br>**Online:** 4390 |

| Question | Response | Action Taken |
|---|---|---|
| 1. **Carmelita Sobrepeiio**<br>Vice President of the Senior Citizen Federation, Caba Chapter<br><br>**Comment/ Question**:<br>Sa tingin ko po, wala naman hong problema sa mga ipinapatupad nating mga batas o mga guidance or procedures tungkol ho sa programa ng social welfare na yan. Ang nagiging problema po ay kung nahahaluan po ng politika. Dahil ho, hindi ho maayos ang nabibiyayaan ng anuman ayuda or whatever assistance na maiibigay sa mga beneficiaries ng mga programa ng DSWD. Dapat po sana, pantay-pantay ang pagtrato at pagbibigay ng serbisyo, para lahat ng nangangailangan ay makakatanggap ng tulong, anuman ang kanilang kinabibilangan o pinaniniwalaan | **ANNIELY J. FERRER**<br>Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>"Mahirap sagutin yun, ma'am. Ano po bang ibig sabihin ng napo-politika? Pero siyempre, iba-iba ho ang sitwasyon ng mga barangays at munisipyo. Alam naman po natin yan. Siyempre, may prioritization po yung mga programs and services. At may mga sariling selection criteria. Unang-una, sa 4 Ps ay wala hong pwedeng maipasok ang kahit sino na wala doon sa resulta ng Listahanan. So ito ho ay sistematiko at talagang may ginamit na information management system sa pagsi-select.<br><br>Ngayon, doon naman siguro sa social pension program, dahil nasabi ko nga, ina-acknowledge namin na marami pa pong nasa | Coordination initiated with DSWD to clarify selection and prioritization mechanisms, ensuring transparency and fairness in program delivery. Request for additional monitoring of implementation forwarded to the concerned office. |

| | | |
|---|---|---|
| | waiting list. Ang nagiging procedure doon sa selection of beneficiaries, siyempre, may mga pwedeng mag-apply directly sa office namin. Meron din po yung mga nire-recommend ng mga Barangay Assoc. of Sr. Citizens and Fed of SC at si MSWDO-mismong DSWD personnel yung pumupunta sa mga bahay para mag-conduct ng validation assessment para po hindi ho mabahiran ng politika.<br><br>Yun lamang, meron talaga pong mga prioritization at nasa waiting list. Kung meron tayong 60 years old na nasa waiting list at eligible, pero meron pang 80 years old, ibibigay po doon sa 80 years old na mas nangangailangan kasi siyempre, mas weak na siya. Meron din po yung mga iba, mahirap din sila pero kahit papaano, may konti pang kinikita na senior citizen. Nasa waiting list pa rin sila dahil mas priority yung walang kita at saka walang sustento na natatanggap mula sa kapamilya. So, mga ganun din pong prioritization yung ating mga ginagawa po."<br><br>**ANDREW CESAR RIMANDO**<br>Executive Director, Lorma Community Development Foundation, Inc.<br><br>"Minsan may ginagawa kasing assessment si barangay. Kunwari, sino yung nabaha? Tapos may isa na kilala namin, nabaha yung bahay nila pero hindi naisulat as beneficiary. Nabibigyan sana ng mga CSO or ng barangay or ng municipality, pero bakit hindi sinali sa listahan? Dahil hindi daw binoto yung | |

| | | |
|---|---|---|
| | kapitan. So yan yung mga dahilan po. So ang suggestion po namin na CSO ay isama ang mga CSOs at dapat bawat barangay ay i-capacitate din ang CSOs para makasama sa validation ng beneficiaries, hindi lang yung kapitan, kagawad, o BHWD. Dapat kasama rin yung mga senior citizens group or CSOs na mag-validate kung sino talaga yung mga nabaha o dapat mabigyan ng relief goods. So, yan lang po."<br><br>**HON. GERALDINE JOY ORTEGA**<br>1st District SPM, La Union Provincial Council<br><br>"Yung tanong po ni Manang ay isang valid question. And from a political standpoint, sasagutin ko po yan. Magprangkahan po tayo at real talk po ito. Totoo po yan, nangyayari yan. Pag hindi trip ni kapitan, hindi na ibibigay. Kung hindi binoto si mayor, hindi rin ibibigay. At pagiinitan ang mga barangay na natalo siya. Correct? Okay. Ang sagot po dvan av nasa sa invo. Bumoto kavo ne tama. Aralin ninvo vune mga tatakbo.Tingnan ninyo ang record nila. Sila ba ay honest? Sila ba ay may takot sa Diyos? Sila ba ang may tunay na concern sa mga kababayan nila? Yun po dapat ang mga tinatanong ninyo.<br>Huwag po kayong magpapadala sa 500 pesos. Ang dignidad nyo ba ay may presyo? Sagutin nyo. Kayo ba ay worth 500 pesos lang? O 1,000 o 2,000 o pataasan tayo 3,000, 5,000? Hindi po eh. Kasi po, yung 500 o | |

| | | |
|---|---|---|
| | yung 1,000, para lang yun, temporary. Ano ba naman yun? Dalawang araw Jang yun sa pagkain natin. At masastuck na kayo sa mga inilect ninyo na trapo. Tama? Okay. So, nasa sa inyo po yun. Sa lahat po ng bagay, huwag po tayo reklamo ng reklamo. Kailangan mag-umpisa po tayo sa ating sarili. Kung gusto natin ng pagbabago, dapat bumoto tayo ng tama, yung karapat-dapat, yung may malasakit sa bayan, at yung nararapat, yung dapat ang bigyan. Hindi Jang yung kamag-anak ni Mayor, kamag-anak ni Cap, at minsan mga girlfriend pa. Diba? So, dapat, dapat tigilan na yan. Tama na, sobra na, dapat yung tama ang gawin. Okay? So, vote wisely."<br><br>**REYMAR R. MANSILUNGAN**<br>Cluster 1 Commissioner, National Commission on Senior Citizen<br><br>"Yung pong ayuda for senior citizens, social pension na sa DSWD pa. So hindi kami pwedeng gumawa ng amendment dun sa kanilang guidelines. Pero meron po kaming workshop, at meron po kaming suggested solution dyan. Yung pong sistema ng social pension, ipapadala ng DSWD yung master list, at ivavalidate ng LGU o ng barangay at ipopost ito sa barangay kung sino yung mga tatanggap. Para kung wala ka doon, meron kang pagkakataon na mag-complain o mag-file. Siguro po yun ang pinakasimpleng sagot doon. Ang listahan ng mga tatanggap ng ayuda, whether calamity, social pension, AX, or anything, ipopost | |

| | | |
|---|---|---|
| | sa barangay a few days before the payout. Para yung pong mga residents, makita ninyo kung merong hindi qualified dloon, at meron kayong pagkakataon na mag-report. Kung meron namang qualified na wala doon, meron din kayong pagkakataon na mag-report. Para po ma-avoid natin yung sinasabing politics at masigurado na ang tamang tao ang makakatanggap ng tulong ." | |
| 2. **ROWENA J. SERVANIA**<br>Solo Parent, LGU Narvacan<br><br>**Comment/Question:**<br>Pwedeng bigyan po kami ng hotline, atnexact na pangalan po na kukontakin sa DSWD at address po ng opisina ng DSWD. | **ANNIELY J. FERRER**<br>Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>"Naka-post po yun sa aming website at saka kasi may citizens charter kami doon. Makikita nyo po doon yung contact number at pangalan po ng person in charge. So sa iba't ibang mga probinsya, meron din po kaming mga iba't ibang mga focal persons. Paano ba natin ishishare? We will share with the PIA yung aming mga focal persons and contact persons para maipost din nila sa kanilang Facebook page para po mas madali ring makita at makontak ng publiko, lalo na ng mga kababayan natin na nangangailangan ng tulong o may mga katanungan sa mga serbisyo ng aming opisina." | Contact details and hotline information were confirmed. Shared the details with PIA for public posting on social media for easy access by constituents. |
| 3. **NOLLY A. BALENA**<br>CSO Ilocos Norte<br>**Comment/Question:**<br>How can CSOs avail livelihood programs? | **DIR. JOEL M. PILOTIN**<br>Regional Director, TES DA RO1<br><br>"Maganda nga, meron tayong civil society organization. Yes, sa totoo Jang, tutulong kami para mabawasan ang bilang ng mahihirap dito sa bansa natin. We will make them more productive through skills training. Mga CSOs, pwede kayong makipag-coordinate sa amin. As far as scholarship is concerned, | Follow-up conducted with TESDA to provide updated slots and scholarship details. |

| | | |
|---|---|---|
| | marami pa po kaming available na scholarship na pwedeng magamit para sa mga skills training.<br><br>In the province of Ilocos Norte, meron pa kaming available na 7,191 slots para sa skills training in different qualifications. Sa Ilocos Sur, meron pang natitirang 817. Sa La Union, meron pa pong natitirang 1,338 slots. At sa province of Pangasinan, mayroon pang natitirang 8,000 slots. Pwede po kayong makipag-coordinate sa amin dahil alam na alam namin na kailangan po natin ang trabaho. Paano magkaroon ng trabaho? Kailangan mayroon kang skills.<br><br>Ito yung palaging sinasabi ni Ma'am Mary Jane na kailangan i-capacitate natin ang mga tao para hindi na lang sila hingi ng hingi sa gobyerno. So, yan po. Doon kami makakatulong sa mga kababayan natin. Nandyan Jang po ang aming regional office. And we also have provincial offices in all four provinces na pwede niyong lapitan. Kami na po ang nagkahanap ng scholars kasi ang hirap pong mag-fill up. Parang ayaw nilang maging skilled worker, na ito naman ang kailangan natin ngayon." | |
| | **ANDREW CESAR RIMANDO**<br>Executive Director, Lorma Community Development Foundation, Inc.<br><br>"Nag-ikot din kami, at ang request ng mga ibang tao, kung pwede sana after junior high school, ay hindi na sila mag-senior high school, mag TESDA agad sila. Pero I know this policy will have | |

| | | |
|---|---|---|
| | to go to the national level. So, pwede sanang iparating sa national na ganoon po sana ngayon ang mas magandang alternatibo. Kasi ngayon, hanggang senior high ay under the DepEd. So, ang request po ng iba, kung pwede sana after junior high, ay maka-avail na ng mga TESDA na course, mga NC2, para hindi na masayang yung two years nila. Para pag nag-graduate sila ng senior high or TESDA course, makapagtrabaho na sila dito or abroad.<br><br>**DIR. JOEL M. PILOTIN**<br>Regional Director, TESDA RoI<br><br>Huwag kang mag-alala. Ongoing na po yung pag-uusap under Joint Circular Memorandum No. 42. Papasukan na po ng TESDA ang Senior High School ng DepEd at i-embed po namin yung curriculum ng TESDA doon sa Senior High School. Actually, meron na pong policy na lahat ng mga graduates ng Senior High School ay kailangan mag-undergo ng NC2 ng TESDA, mandatory po para paglabas nila sa Senior High School, ay may sapat na silang kakayahan para makapagtrabaho." | |
| | **DIR. HONORINA DIAN-BAGA**<br>Assistant Regional Director, DOLE R01<br><br>"Yes, magandang umaga po sa ating lahat. Para po sa DOLE, meron din po kaming programa as part of our social protection para po sa ating vulnerable na mangagagawa, meron po kaming DOLE Integrated Livelihood Program kung saan pwede po | |

| | | |
|---|---|---|
| | kayong mag avail ng assistance for livelihood wether as an association or as an individual. Meron ding TUPAD emergency employment for vulnerable, marginalized, and displaced na affected ng bagyo. Halimbawa po ngayon na tayo ay naapektuhan po ng bagyo. Kung kayo po ay kasama sa mga affected na mga individuals ng calamities, kayo po ay eligible as beneficiaries po under our Tupad program. Kung kailangan niyo po yung detalye ng mga requirements for the availment ng ating mga livelihood programs, bisitahin lang po ninyo yung aming mga opisina po sa bawat probinsya. Sa Pangasinan, meron po tayong tatlong field offices doon, sa Alaminos, sa Dagupan, at sa Rosales, Pangasinan. Meron din po tayong field office dito sa La Union, Ilocos Sur, at Ilocos Norte. At pwede nyo rin pong bisitahin yung aming website at yung aming Facebook page, yung DOLE Uno, para po sa mga karagdagang impormasyon tungkol po sa mga programang ito.<br><br>**VIDA KARNA D. BACANI**<br>Chief Trade and Industry Development Specialist, DTI ROI<br>"Sa DTI, meron po kaming program na "Pangkabuhayan sa Pagbangon at Ginhawa' o PPG. Ang target naman po nito ay yung ating mga micro-enterprises na naapektuhan ng mga disasters. May micro-enterprises po ba dito na naapektuhan ng Typhoon Carina? It's good na wala po. Kasi ongoing na po yung pagkuha namin ng affected list of MSMEs. Sa programa pong ito, | |

| | | |
|---|---|---|
| | nagbibigay po ang DTI ng assistance through business kits. Ang requirement po namin ay sana po ay BAMBI registered po kayo or yung barangay micro-business enterprise registered po sana kayo. Kapag registered po kayo, mas mabilis po kayong makakatanggap ng tulong at assistance mula sa programang ito."<br><br>**ENGR. SHERWIN C. PATANAO**<br>DHSUD RI<br><br>"Ang programa naman po namin sa aming departamento ngayon ay ang "Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Program" o in short po, ay ang 4PH. Kaya po, huwag niyong ikalito ito sa 4Ps ng DSWD dahil magkaiba po ang mga ito. Ang Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Program ay programa po ng ating Pangulo. Ito po ang priority project ng ating mahal na Pangulo na magbibigay ng mura at de-kalidad na pabahay para sa mga wala pang sariling bahay. Ang mga itatayo po natin ay mga condominium na pataas ang disenyo.<br><br>Kasi napapansin po natin na ang mga subdivisions na napapagawa ngayon ay nauubos na po ang mga lupain na dapat sana ay para sa agrikultura. Kaya po sa DHSUD, minabuti po namin na pataas o vertical development na po ang itatayo nating mga pabahay.<br><br>Para po sa lahat ng gustong mag-avail ng Pambansang Pabahay ng DHSUD, ongoing po ang proyekto sa San Fernando City, | |

| | | |
|---|---|---|
| | La Union, at mayroon na rin pong proposal ang probinsya ng La Union para sa kani- kanilang pambansang pabahay. Sa Pangasinan, may mga proyekto rin po, kabilang ang bayan ng Asingan. Meron din sa bayan ng Bauang at Naguilian ay may mga proyekto na rin para sa pambansang pabahay.<br><br>Sa Ilocos Sur naman po, ang bayan ng Tagudin at ang Vigan City ay kasali na rin sa programa. Kasalukuyan na rin pong kinakausap ang probinsya ng Ilocos Sur upang magkaroon din sila ng kanilang pambansang pabahay. Ang pinakauna pong lugar sa Region 1 na nakapagtayo na ng pambansang pabahay ay ang Laoag City, Ilocos Norte. Ongoing na po sila sa pangangalap ng mga beneficiaries.<br><br>Ang kagandahan po nito ay ang mga beneficiaries po ng programa ay makakautang kay Pag-IBIG para sa pambili ng kanilang mga unit. Kung mapapansin niyo po, ang interest rate po ni Pag-IBIG ay nasa 6.25% o 6.5%. Ang babayaran po ng DHSUD ay 5% ng interest na iyon para maging 1.25% o 1.5% na lang po ang interest na babayaran ng beneficiaries. Halimbawa po, kung uutang kayo ng 1.2 million kay Pag-IBIG, kung walang interest subsidy, nasa 9,000 hanggang 10,000 pesos ang monthly payment. Pero kung may interest subsidy po, nasa 4,000 hanggang 5,000 pesos na lang po ang inyong babayaran kada buwan. | |

| | | |
|---|---|---|
| | **REYMAR R. MANSILUNGAN**<br>Cluster 1 Commissioner, National Commission on Senior Citizen<br><br>"On the part of the senior citizens, marami pong programa ang National Agency pero yung mga senior citizens, hindi sila sanay o kahit ibang sektor, hindi sila nasasanay kung paano gumawa ng programa. Kasi hindi ka naman pwedeng pumunta lang kaagad sa DOLE nang wala kang program. So on the part po of the NCSC, meron kaming module ngayon. We are training ang lahat ng barangay senior citizen organizations on how to conduct meetings, parliamentary procedures, pagkatapos po yung project planning and management.<br><br>I think, yun po siguro ang kailangan nating i-request sa iba, yung let's train the organizations on how to prepare project proposals. Kasi without this, wala pong mangyayari sa mga programang iyon kung hindi tayo gagawa ng project proposal na maganda at maaaprubahan. Unless you are going there individually. So we will start po sa August 19 sa Region 3, at isusunod namin itong Region 1. We will conduct a province-wide training of the officers of the senior citizens organizations on how to conduct meetings and how to prepare project proposals. | |
| 4. HILDA S. REYES<br>PWD LGU NAGUILIAN<br><br>**Comment/Question:**<br>This is for the DSWD regarding sa PWD, particular daw po sa mga beggars and | **ANNIELY J. FERRER**<br>Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>Ang mga program na po na yan primarily LGU concern, kasi devolved na po yung basic | Clarified that the program implementation for street dwellers is under LGUs. DSWD provided guidance on capacity-building for LGUs and collaborated with DOH for mental health cases. |

| | | |
|---|---|---|
| mentally ill person roaming around the city and big towns. Ano ba ang mga programa sa kanila? | services para doon sa mga individuals and persons in the street. Ang programa ng ahensya ngayon ay yung Comprehensive Program for Street Children and other Individuals in the Street but ang focus po nito ay magbigay ng capacity building at training sa mga LGUs kung paano ipatupad ang mga programa para sa mga street people o street children. Ganun po talaga ang disenyo nito ayon sa local government code. Kung kinakailangan pong magbigay ng karagdagang tulong ang aming ahensya, may mga residential care facilities naman po tayo na maaaring makatulong. Gayun paman, para po sa mga may kapansanan sa pag-iisip, ito po ay pangunahing sakop ng Department of Health dahil sila po ang may responsibilidad para sa treatment at hindi po ito saklaw ng DSWD at ng LGU.<br><br>**MARY JANE ORTEGA**<br>Co-founder, La Union Vibrant Women Inc.<br><br>"I am here actually with different hats, nasa Regional Development Council ako at saka ang suot ko ngayon, itong nutrition jacket kasi happy nutrition month, last day na ito, kasi July ang nutrition month. Ngayon, bakit tayo maraming mga bata sa kalye, mga street children, let us now work, ito yung isang advocacy. Ang isa rin, hat ko pala, I'm with LUVWI, I'm also with Lorma Foundation as chairman, but my recent advocacy, itong MALUSOG NA, MATALINO PA. Kasi nakakalimutan natin ang mga | |

| | | |
|---|---|---|
| | bata. Meron na tayong programang napakaganda, yung 1,000 days na pagkabuntis, alagaan na hanggang 2 years old. Kaya yung buntis, binibigyan nila ng malunggay, moringa, olifera na capsule para yung bata ay malusog.<br><br>Pero alam nyo ba na mga bata hanggang 5 years old, ang kanyang utak ay nadidevelop. Pagka yung bata ay 5 years old, 90% ng kanyang utak developed na. Kung hindi mo napakain ang gusto yung bata, kung malnourished yung bata, yung IQ ay mababa. Hindi makakaaral. Kahit siguro baka sa skills training sa TESDA na hindi pa papasa. Alam nyo ba na tayo ang pinakabobo sa buong ASEAN? Kasi yung IQ natin, nagbigay sila ng IQ test. In 2005, ang IQ ng Pilipino child was 89. Ang IQ ng taga-Singapore 108. Di ba kawawa naman tayo? Sa sampung mga countries ng ASEAN, tayo yung kulelat.<br><br>Itong 2024, alam nyo ba meron na namang inaral ang sa Creative Thinking, ang World Bank. 81 ang Pilipino child as against 104 ng Singapore. Ano, paano natin magagawa ito? Paano natin magagawang tumalino mga bata? Magtanim tayo ng malunggay. Malunggay in every home.<br><br>And I would like to commend the cooperative of Caba. Alam niyo ba, na-discover ko Jang ngayon, that Caba has a cooperative of 33 years. At saka noong 2019, tinulungan daw sila ng DOST na gumawa ng powdered moringga | |

| | | |
|---|---|---|
| | olifera. Congratulations! Alam nyo ba yung moringa olifera? Malunggay lang yun. Pero bakit ginagawang powder? Kasi kung minsan hindi natin alam kung kumakain tayo ng malunggay. Kuminsan kumakain tayo ng malunggay. Kuminsan winiwisikan lang ng malunggay. Kuminsan tama yung kadami. Pero pagka-powdered at ibigay natin sa bata, inaral ito ni Dr. Austria and Dr. Esterlita Uy. Binigyan nila ng isang kutsaritang powdered moringa sa umpisa. Hinahalo sa pagkain, yung talino ng bata nadagdaga ng 5.27, kung 92 ng IQ mo, makakasagot ka na, hindi ka na mag-drop out, hindi ka na magiging street child, hindi ka na mapupunta sa kalyeng na namamalimos.<br><br>Kaya kailangan, alagaan natin ang ating mga anak. Alagaan sila hanggang 5 years old. Huwag tayong huminto ng feeding program after 120 days -Ay, matangkad na. Ay, malusog na. Ay, gwapo na. Tama na. Hindi po. Kailangan ituloy pa natin. Bigyan natin ng malunggay hanggang makita natin sa IQ nila na sila ay tatalino. At kung tayo'y matalino, taas noo kahit kanino. Kaya, please, plant malunggay. Take care of your children. Kung kayo'y may mga apo, mga anak, up to five years old, huwag niyong pabayaan. Kasi pagkatapos nun, 90% na yung kanilang IQ, konti nang magagawa natin after five. So, take care of our children. | |
| 5. CHARITO O. VIDUYA<br>PWD President, LGU Pugo<br><br>**Comment/Question:** | **ANNIELY J. FERRER**<br>Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1 | Forwarded the suggestion for PWD social pension to the DSWD policy review board. Encouraged LGUs to explore |

| | | |
|---|---|---|
| Kailan daw magkakaroon ng social pension din ang mga persons with disabilities?Lalong-lalo na yung mga may malalang kapansanan na hindi na makapagtrabaho? | Sa ngayon po, yung social pension para sa mga PWD ay hindi pa siya available. Siyempre, kailangan po yan mapondohan. Pero meron pong iba't ibang local government units na may mga inisyatiba na mag-provide ng regular na financial aid para sa ating mga may kapansanan. Bukod dito, pwede rin po nilang ma-avail sa DSWD ang assistance to individuals in crisis situation (AICS). Pwede itong maging medical assistance, food assistance, o anumang uri ng tulong kapag hindi na nakakatrabaho ang a ting mga PWDs. Ang pondo po para sa social pension ay kailangang dumaan sa tamang proseso ng budget deliberation bago ito maaprubahan at maipamahagi. | local funding options for PWD aid programs. |
| 6. **PRESCILA D. PATACSIL**<br>Solo Parent, LGU Caba<br><br>**Comment/Question:**<br>Ano po yung iba't-ibang tulong na binibigay po ng ating DSWD para sa ating mga solo parent, especially sa gasusin po sa pag-aaral ng kanilang mga anak? | **ANNIELY J. FERRER**<br>Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>Ang solo parent po, ang registration ay sa mga local government units. Magpapalista po kayo doon sa municipal or city social welfare and development office. Bibigyan po kayo ng ID doon. Yung ID ninyo ay pwede nyo siyang magamit ngayon para makapag-avail kayo ng mga iba't ibang programs and services. Hindi Jang po DSWD yung pwedeng mag-provide ng assistance to solo parents. Katulad ng nabanggit ko, sa amin meron kaming financial assistance and livelihood assistance. Pagdating naman po sa education, yung mga ibang agencies, pwede po silang makapagbigay din. | DSWD: Coordination with LGUs to streamline registration for solo parent IDs. Information on available financial assistance and scholarships shared with local social welfare offices. |

| | | |
|---|---|---|
| | Katulad po ng mga scholarships natin sa CHED, ang DepEd din po ay meron din po silang programa para doon sa mga estudyante sa private schools. May subsidy din po yan at mga iba pa po. So hindi Jang po siya solely the DSWD. Pero unang-una, kailangan muna nilang kumuha ng ID, mag-subject sila sa assessment ng ating mga local social welfare and development officers. Okay, I hope nasagot po ang katanungan para sa ating mga solo parent.<br><br>Huwag pong kalimutan na i-check ang mga requirements na kinakailangan bago pumunta sa registration, para siguradong kumpleto ang inyong mga dokumento. Maaari rin kayong magtanong sa inyong local social welfare office para sa karagdagang impormasyon. | |
| 7. **LUCITA D. SANDOVAL**<br>Senior Citizen, LGU Naguilian<br><br>**Comment/Question:**<br>Kailan daw po nag-effect ang universal social pension for senior citizens? Ano po ang mga criteria or requirement para makahingi po ng suporta ang ating mga senior citizens? | **REYMAR R. MANSILUNGAN**<br>Cluster 1 Commissioner, National Commission on Senior Citizen<br><br>Wala pa pong batas na universal ang social pension para sa mga senior citizen. Ang meron tayo ngayon ay Republic Act 9994, na naglalaan ng PS00 na social pension para sa mga indigent senior citizens. Ang kahulugan ng "indigent" ay nakasaad sa batas-ito ay tumutukoy sa mga matatandang mahina, may karamdaman, may kapansanan, walang tinatanggap na pension, at walang natatanggap na suporta.<br><br>Kaya nagkakaroon tayo ng konting problema. Ayon sa batas, ang indigent ay mahina, may | NCSC: Followed up on pending Senate deliberations regarding the Universal Social Pension Bill. Encouraged senior citizen organizations to lobby for legislative support. |

| | | |
|---|---|---|
| | sakit, o may kapansanan, walang tinatanggap na pension, at walang natatanggap na suporta. Subalit, kung susuriin, walang Pilipino ang kwalipikado sa social pension dahil walang Pilipino, partikular na sa Region 1 o sa La Union, ang pababayaan ang kanilang kaibigan o kamag-anak na senior citizen na walang makain. Kaya kapag sinusuportahan ang isang senior citizen, hindi na siya kwalipikado sa social pension law. Ngunit, may pondo pa rin, at ito ang problema ngayon ng DSWD- kung paano ito maipapamahagi dahil mas marami silang na-validate kaysa sa pondo.<br><br>Ang RA 9994 ay inamyendahan ng RA 11916, na naging batas noong July 30, 2022. Itinaas ang social pension mula P500 sa PI,000. Ibig sabihin, nadagdagan ito sa PI,000, pero ang tatanggap lamang ay ang mga kasalukuyang tumatanggap ng P500. Hindi pa rin ito universal.<br><br>Ngunit, sa tingin ko, mga dalawang buwan na ang nakalipas, isang panukalang batas ang naaprubahan sa ikatlo at huling pagbasa ng House of Representatives, ang Universal Social Pension. Ang nagpanukala nito ay isang Congresswoman mula sa La Union na bahagi ng United Senior Citizen Party-list. Nasa Senado na ngayon ang panukalang batas, ngunit dahil election year na sa susunod na taon, may pag-asa ang mga senior citizen na maaprubahan ng Senado ang House version ng Universal Social Pension. | |

| | | |
|---|---|---|
| | Ang probisyon ng panukalang batas, kung ito ay maaprubahan ng buo, ay ang mga hindi tumatanggap ng social pension ay tatanggap ng P500 kada buwan, na tataas ng P100 kada taon. Kaya sa loob ng limang taon mula sa pagpapatupad nito, lahat ng senior citizen ay tatanggap na ng PI,000. Ngunit nais kong ipaalam na hindi pa ito batas, nasa Senado pa lamang ito. Kaya siguro, ang mga organisasyon ay maaaring mag-lobby sa mga senador na gusto nila at ipakita ang suporta para sa Universal Social Pension Bill.<br><br>Republic Act 11350 is the law that created the National Commission of Senior Citizens. Meron pong special provision yun. Nakalagay doon, the NCSC shall ensure the implementation of laws for senior citizens. Wala po yun sa charter ng DSWD. So kung meron kayong karapatan na hindi ninyo tinatanggap, na nakalagay sa isang batas. Halimbawa, yung discount. Yung discount is provided by RA 7432 as amended by 9994 and 11916. Kapag hindi kayo binigyan ng discount, meron po tayong karapatan sa NCSC na file-lan ng complaint yung establishment because there is a provision there that the NCSE shall ensure the implementation of laws. Ganon din po yung mga programa. Yung po sinasabi ko kanina, wala kayong connect sa pag-ibig, wala kaming sa doles, sa testa, wala kaming pondo pero we can always condo with you with these agencies. Kaya po, umpisahan | |

| | | |
|---|---|---|
| | namin yun with the training program.<br><br>We will train the organizations of senior citizens kung paano gumawa ng mga project proposals that we will pass to the national agencies for their funding and for their approval. | |
| 8. **EMELIE D. BAUTISTA**<br>Vendor, LGU Caba<br><br>**Comment/Question:**<br>Is it possible for field health not to collect unpaid monthly contribution especially for self-employed like vendors and tricycle drivers and sari-sari store owners as a requirement for the renewal of business permit. | **RAYMUND O. MANINGDING**<br>Chief Social Insurance Officer-Local Health Insurance Office-La Union, PHILHEALTH<br><br>Sa mga registered employers, mandated po tayo na kapag meron tayong mga empleyado, kailangan po nilang magpa-register sa amin. Ngayon, may iba't-ibang programa para sa ating lahat, actually. Sa mga direct contributors, iba-iba rin po ang mga requirements.<br><br>Kailangan lang po, sa mga halimbawa, tulad ng sa mga tricycle drivers o vendors, may programa rin po kaming group enrollment sa Phi!Health. Kaya just in case na hindi po kayo saklaw ng ibang programa, meron din pong isa pang programa para sa mga financially incapable na gustong mag-enroll sa aming opisina.<br><br>Ang numero ng aming opisina ay 607-7162. Just in case na gusto niyo pong mag-inquire o pumunta mismo sa aming opisina sa CSI building dito sa Sibilya. Mahirap pong diretsong sagutin ang iba pang detalye, pero tandaan, kapag employed po kayo, mandated na mag-register po kayo sa amin. | Referred concerns to PhilHealth for clarification of policies on contributions for informal workers. |
| 9. **JEANNIE LYN JIMENEZ**<br>CSO President, LGU Bauang | **ENGR. SHERWIN C. PATANAO**<br>DHSUD R1 | Coordinated with DHSUD to confirm progress on Bauang |

| | | |
|---|---|---|
| **Comment/Question:**<br>Why is it that the two low-cost housing projects in Bauang has not yet started? | Regarding po sa Bauang Housing Project nila, yung nauna po kasing project ay hindi na natuloy, lalo na yung sa horizontal development, na para po sana sa subdivision. Kaya ang nangyari po ngayon, ongoing po si Bauang doon sa Pambansang Pabahay para sa Pilipino Program. Kasalukuyan pa rin po silang kumukuha ng mga beneficiaries para sa programang ito. Ang target po natin ngayong taon ay makapagpatayo na ng unang building sa Bauang, La Union, bilang bahagi ng Pambansang Pabahay. | housing projects. Beneficiary registration updates shared with local offices. |
| 10. **HON. GERALDINE JOY ORTEGA**<br>1st District SPM, La Union Provincial Council<br><br>**Comment/Question:**<br>Are there any communication strategies (or active hotlines) from government agencies for our constituents be well-informed of the services and PP As of the government? | JENNILYNE C. ROLE<br>Regional Director, PIA ROI<br><br>As far as I know po, may hotline ang iba't ibang government agencies natin. Maymon ding page ang apat na provincial offices namin, kasama na ang mga contact numbers at pangalan ng mga heads ng agencies.<br><br>Paki-follow up na lang po sa mga pages ng PIA Region 1.<br><br>ANDREW CESAR RIMANDO<br>Executive Director, Lorma Community Development Foundation, Inc.<br><br>One strategy also for NGAs is to course the communication through CSOs. Because there are some LGUs who have | Encouraged collaboration between NGAs and CSOs for communication strategies. Regional PIA tasked to compile and distribute agency hotlines and contact information. |

| | | |
|---|---|---|
| | capacitated their local people's council. And it is good that in La Union, there are many LGUs that have already organized their local people's council. Thanks to DILG for helping us with that. Kasi may mga CSO na based sa mga barangay at nag-meeting sila, depende sa sektor nila. At kung minsan, gaya dito sa La Union, we invite NGAs to give lectures on what are the benefits that these agencies are giving to people.<br><br>So pag yung mga CSO, kasi sila yung nandun sa babae. Pag alam na nila, then nasasabihan din nila yung mga kasama nila sa sektor nila kung ano yung mga benepisyo na naibibigay ng mga national government agencies.<br><br>**DIRECTOR JONATHAN PAUL M. LEUSEN JR., CESO III**<br>Regional Director, DILG ROI<br><br>Initially agreed with PIA, probably they can get all the contact numbers of the agencies concerned then we will work it out with mga liga ng mga barangay. I remember when we implemented EODB or BOSS with DTI, the early re-registration of businesses. Doon sa La Trinidad, we came up with an idea like that. So, instead of people going doon sa munisipyo, pagpamasahe sa jeep or taxi, here, tricycle, dapat nakapost na yung mga, kung you like to get a business permit, nakapost na sa barangay, ano yung mga requirements. Para doon na lang. In this case, we'll try to work it out with the liga ng mga barangay. | |

| | | |
|---|---|---|
| 11. **HELEN L. ABELLEDA**<br>Senior Citizen. LGU Tubao<br><br>**Comment/Question:**<br>Ang home for the elderly center na magbubukas sa August 8 ay exclusive lang ba sa mga taga-La Union? Or pwedeng mag-refer from other provinces? | **NICHOLAS G. PERLAS**<br>Assistant Department Head, PSWDO<br><br>Ma'am, to answer yung question po, in the meantime, yung guidelines po na na-draft is within yung residence muna natin sa La Union pero kasama na po sa instruction to integrate kung paano yung scheme when accommodating yung endorsement coming from outside province. | Guidelines for inter-provincial referrals shared with stakeholders for review and integration into operational protocols. |
| 12. **GAUDENCIO BATIN**<br>CSO Ilocos Sur<br><br>**Comment/Question:**<br>Meron po bang laws or grounds na pwedeng gawin para sa mga relatives ng mga elders ng senior citizens na abandon na, pinabayaan, or ayaw pong kukupin kahit may capacity sila para alagaan ating mga senior citizens? | **REYMAR R. MANSILUNGAN**<br>Cluster 1 Commissioner, National Commission on Senior Citizen<br><br>Meron pong pending bill in both houses, yung anti-abandonment of senior citizens law. So siguro po, encourage na lang natin yung ating mga congressmen at senators to pass the bill. Ang problema po kasi doon, meron ding ano eh, may social implications yun. Baka yung kamag-anak niya ay hindi rin naman capable. Sivempre, uunahin mo vung ivong sarili. Pero ang straight answer po doon is there's a pending bill in both houses that will address yung pag-abandon. Pag-abandon na. Ang subject po natin dyan palagi is our Filipino culture.<br><br>Wala sa kulturang Pilipino ang pababayaan natin ang senior citizens. Siguro po, locally, yung LGU, baka pwede silang magpasa ng ordinansa or siguro ng mag-institute ng awareness program kung ano yung apekto sa ating kultura. Perhaps it only needs to touch our hearts na hindi natin dapat pabayaan. Kasi pag gumawa tayo ng batas, para | Highlighted the need for advocacy and local ordinances to prevent senior citizen abandonment. Pending legislation updates shared with concerned parties. |

| | | |
|---|---|---|
| | sa akin personally, ng batas na ipipenalize mo yun, masyadong negative yun. Mas mabuti pa yung mag-initiate ka ng programs kung paano may iwasan yung pag-abandona. At saka kung paano ilalagay mo sa kahihivan vung nag-aabandona kesa dun sa ipapenalize mo siva. | |
| 13. **GERRY A. CUENTAS**<br>CSO, Ilocos Sur<br><br>**Comment/Question:**<br>Sana po mabigyan ng benefisyo ang mga daycare workers natin. Pwede po ba ito for PAGIBIG? | RACHAEL H. GALLANO, La Union Branch Head, PAG-IBIG Fund<br><br>We would like sana to announce na pwede pong maging member po ang mga barangay workers and officials. However, under the present laws kasi voluntary lang yung membership nila.<br><br>But if we will enter into a MOA, mas maganda siguro if at the liga ng mga barangay level, municipal level or provincial level, pwede po kasing under the law, pwede pong mag-allocate ng fund for the employer counterpart kung mag-member po sila yung mga barangay officials and also the barangay workers.<br><br>Pag hindi po kasi member ng Pag-ibig Fund, sorry to say po, hindi po makaka-avail ng programa ng Pag- ibig Fund. So kailangan pong mag-member para maka-avail po ng mga programs ng Pag-ibig fund. So, kailangan pong mag-member para maka-avail po ng mga programs ng pag-ibig fund. And ano po yung programs? Savings, meron kaming multi-purpose loan and calamity loan, pag-member po sila.<br><br>And I just confirmed po with board member Joy Ortega, nag- | Encouraged partnership between PAG-IBIG Fund and local barangays for voluntary memberships. Proposed allocation of employer counterpart funds to facilitate benefits. |

| | | |
|---|---|---|
| | pass na po ng resolution yesterday declaring the entire province of La Union in a state of calamity. Aantayin Jang po namin yung kopya ng resolution and we will forward it to our head office para po ma-upload sa aming system. And then, pwede na po kayong mag-file ng calamity loan application. Same is true with those from Ilocos Norte, declared na po the whole province of I!ocos Norte. So, pwede na rin po ang calamity loan.<br><br>Initially, ang nag-declare kasi dito sa La Union are Bauang and Luna La Union lang po. So tumatanggap po kami ng applications na po, pero processing will start po pag nasa system na po yung resolution. And so yun po, nakikiusap po kami if there is a way na magkaroon po tayo ng partnership with the Liga ng Mga Barangay for the membership of the barangay officials and barangay workers.<br><br>Meron pong mangilang-ngilang barangays dito sa La Union na nag-member, pero wala pong allocation for the employer counterpart. Okay lang din po naman yun kasi walang na-e-budget. Personal share lang po yung binabayaran nila. So, dito sa San Fernando and San Gabriel lang alam ko meron po ilang mga barangay. So, pwedeng gawin po yun in all the other barangays. And ma'am, idagdag ko lang po dun sa earlier question Actually po, pwede po kaming imbitahin ng mga opisina or kumpanya or ng inyong munisipyo sa inyong mga events | |

| | | |
|---|---|---|
| | at kami po ay magsiset up po ng service desk para po sa inyong mga katanungan at mga transaksyon. At pwede na rin po kayong mag-file ng mga applications po doon.<br><br>Kasi meron na rin po access yung ating staff sa system po namin. So, imbitahin nyo lang po kami. At maganda po kung gagawin po yan at the municipal level or provincial level. Actually, sa provincial level ini-invite na po kami. We just need your invitation and we will be very happy to join any event po sa inyong opisina, barangay, or munisipyo po.<br><br>Under the current law nga po, up to age 65 nga lang po, it has to be on the national level kasi it's a law po kasi, RA 9679.<br><br>So, hoping na meron po tayong legislators who would push for the amendment kasi marami naman po may trabaho ang senior citizens. | |
| 14. **JOHN REYNAN FERNANDEZ**<br>CSO, Pangasinan<br><br>**Comment/Question:**<br>What is now the update of the our RPAN (Regional Plan of Action for Nutrition)? What are the importance or inputs to the grassroots? Sustainable po ba daw ito? | **JOHN MICHAEL PERALTA,** Training Specialist III, DOH-CHD1<br><br>Good afternoon po sa ating lahat. I think you are referring to the nutrition plan. Regional plan po. Actually po, it is being spearheaded po by ang NNC natin. We just contribute po doon as a Department of Health. And on the question na sustainable po ba ito, this is being planned with the help of our barangay stakeholders, even our CSO society. I think they are being natatawag po sila pag yan ay ginagawa. And the barangay, the | Regional Plan of Action for Nutrition updates were confirmed with DOH. Encouraged barangay-level engagement to ensure sustainability and grassroots relevance. |

| | | |
|---|---|---|
| | PPAN (provincial) there, these are being consolidated, paakyat.<br><br>Kaya with the help of these stakeholders, yung mga resources po natin, nagagawa naman po yan, may bibigay naman po, na ikukumit naman po for the implementation of the activities na nakalagay doon sa ating RPAN.<br><br>So for the funding, I think our LGUs naman is very supportive of that. The NNC also is allocating enough fund to support that and we contribute in the Department of Health. | |
| 15. **SHAIRA ANGEL MARZO** 4Ps Bacnotan<br><br>**Comment/Question:**<br>This question is for DSWD, makukuha pa ba ng mga natag as non-poor pero naibalik na sila sa 4Ps program yung educational grants na di nila natanggap ng 2023? | **ANNIELY J. FERRER,** Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>Yes po, mkukuha nila. | DSWD confirmed eligibility for retroactive educational grants. Beneficiaries instructed to follow up with local offices. |
| 16. **JANET T. MACATIAG** Barangay Captain, LGU San Fernando City<br><br>**Comment/Question:**<br>Pwede po ba sa barangay officials ang beneficiaries? SLP program ng DSWD. | ANNIELY J. FERRER, Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>Ang primary po na target namin sa Sustainable Livelihood Program ay mga poor households galing sa 4Ps o doon sa listahanan. Kaya ang mga barangay officials ay masyado pong thin yung possibility na maging beneficiary sila. And then, hindi naman po siya nakasulat, but we discourage na may mga barangay officials po na makasama po doon sa livelihood projects or assistance para po | Clarified that SLP primarily targets 4Ps members. Guidelines emphasized to avoid grievances among barangay members. |

| | | |
|---|---|---|
| | wala pong mga grievances na magappear, ay, kumbaga, manggaling doon sa mga iba pang kabarangay nila. | |
| 17. **SAMUEL C. NAPUAGA** PWD, Bacnotan<br><br>**Comment/Question:**<br>Kung beneficiary na po ba na isang programa ninyo, ay hindi na siya pwedeng beneficiary ng other program? | **ANNIELY J. FERRER,** Assistant Regional Director for Operations, DSWD Field Office 1<br><br>Hindi po nakalagay sa guidelines po natin, na may limit doon sa mga makukuha. Ang mga internal guidelines natin ngayon ang sinasabi ay yung madodoble yung makukuha nila for example sa yung food assistance ng aming AI Cs at saka yung mga 4Ps. May mga specific guidelines.<br><br>Pero sa ngayon, ongoing po yung publication noong mga revised guidelines upang sa ganun ay matanggal yung mga limitations doon sa mga restriction. Sa isa lang ang pwedeng makuha. Dahil naniniwala po kami na ang mga poor households, kung makakatanggap sila ng at least two social protection or social welfare programs from the government or from the DSWD, malaki po yung impact nito para sila ay maiangat doon sa kanilang current situation. | Revised program guidelines forwarded for review to remove restrictions on accessing multiple benefits for poor households. |

**General Feedback**:

**1. Accessibility and Logistics**

- Participants appreciated the provision of shuttle services and clear instructions for pick-up points.
- The choice of venue (La Union Convention Center) was commended for its spaciousness and central location.

**2. Program Content and Discussions**

- The focus on social protection programs and human capital development was highly relevant and timely.
- The inclusion of diverse speakers from government agencies and development partners was appreciated.

-Suggestions
- Allocate more time for open forums to allow participants to ask questions and voice concerns.
- Simplify technical presentations for better understanding, especially for non-technical audiences.

**3. Coordination and Communication**
- The livestream via Facebook was commended for allowing broader participation.
- Efforts to engage civil society organizations (CSOs) were noted as a good practice.

**4. Inclusion and Representation**
- Participants valued the attention given to vulnerable groups, such as PWDs, solo parents, and senior citizens.
- The integration of local government perspectives in discussions was seen as a strength.

-Suggestions
- Increase the representation of grassroots organizations in panel discussions.
- Include a session dedicated to youth and their role in governance.

**5. Overall Event Experience**
- The event was well-organized, with most sessions running on time.
- Participants appreciated the welcoming and accommodating demeanor of the ushers and organizers.

- Suggestions
- Provide more interactive sessions to sustain participant engagement.
- Offer feedback forms in both printed and digital formats for broader reach.

| Prepared by: | Noted by: | Submitted by: |
| --- | --- | --- |
| **ALDRIN D. NOLASCO**<br>DMO III | **RHODORA G. SORIANO**<br>LGMED Chief | **JONATHAN PAUL M. LEUSEN, JR., CESO III**<br>Regional Director |